

KORTE SUPREMA NG CALIFORNIA, KONDADO NG LOS ANGELES
Cynthia Dela Vega v. Valerio's Tropical Bakeshop I, Inc., et al
Numero ng Kaso 20STCV04354

PAUNAWA SA KLASE NG AKSYON NG KASUNDUAN

Pinahintulutan ng hukuman ang paunawa na ito. Ito ay hindi solisitasyon..

Ito ay hindi isang kaso para sa iyo, ikaw ay hindi idinedemanda.

Gayunpaman, ang iyong mga legal na karapatan ay apektado kung ikaw ay kumilos o hindi.

PARA KAY: Ang sinuman at lahat ng tao na nag-trabaho sa mga Nasasakdal sa Valerio's Tropical Bakeshop I, Inc., Valerio's Tropical Bakeshop II, Inc., Valerio's Tropical Bakeshop III, Inc., Valerio's Tropical Bakeshop V, Inc., Valerio's Tropical Bakeshop VI, Inc., Valerio's Tropical Bakeshop VII, Inc., Valerio's Tropical Bakeshop X, Inc., Valerio's Tropical Bakeshop XI, Inc., at Valerio's Tropical Bakeshop XII, Inc. ("Mga Nasasakdal") bilang mga walang eksempson na empleyado sa California sa anumang oras mula Hulyo 7, 2016, hanggang Abril 22, 2022.

Ang Korte Suprema ng California, Kondado ng Los Angeles ay nagbigay ng paunang pahintulot sa isang iminungkahing pag-aayos ("Kasunduan") ng nasa itaas na aksyon ("Klase ng Aksyon"). Dahil ang iyong karapatan ay maaaring maapektuhan ng Kasunduan na ito, mahalaga na basahin mo ng mabuti ang Paunawa sa Klase ng Aksyon ng Kasunduan ("Paunawa").

Pinatunayan ng Korte ang sumusunod na klase para sa layunin ng pakikipag-areglo:

Sinuman at lahat ng tao ng nag-trabaho sa Nasasakdal bilang mga walang eksempson na empleyado sa California sa anumang oras mula Hulyo 17, 2017 hanggang Abril 22, 2022 ("Klase ng Miyembro").

Ang layunin ng Abiso na ito ay upang makapagbigay ng maikling paglalawaran sa mga ipinaparatang sa Klase ng Aksyon, ang mga pangunahing termino ay ang Kasunduan, at ang iyong mga karapatan at opsyon sa Kasunduan.

IKAW AY MAY MAKUKUHANG PERA SA ILALIM NG IMINUNGKAHING KLASE NG AKSYON SA KASUNDUAN. MANGYARING BASAHIN NG MABUTI ANG ABISO NA ITO; IPINAPAALAM SA IYO NITO ANG IYONG MGA LEGAL NA KARAPATAN.

ANO ANG MGA IMPORMASYON NA NASA ABISO NA ITO

1. Bakit Ako Nakatanggap ng Abiso na ito?	Page 1
2. Tungkol Saan ang Kaso na ito?	Page 2
3. Ako ba ay isang Miyembro ng Klase?	Page 2
4. Paano Gumagana ang Klase ng Aksyon na ito sa Kasunduan?	Page 2
5. Sino ang mga Abogado na Kumakatawan sa mga Partido?	Page 2
6. Ano ang Aking mga Opsyon?	Page 3
7. Paano Umalis o Hindi Sumali sa Kasunduang ito?	Page 3
8. Paano Ako Tututol sa Kasunduan?	Page 4
9. Paano Maapektuhan ng Kasunduan na ito ang Aking mga Karapatan? Ano ang mga Inilabas na Claim?	Page 4
10. Magkano ang Aasahan kong Matanggap mula sa Kasunduan na ito?	Page 4
11. Ano ang Paraan ng Pagbabayad sa PAGA at Ako ba ay Elihible para rito?	Page 5
12. Paano Mababayaran ang mga Abogado ng Klase at Kinatawan ng Klase?	Page 6
13. Huling Pag-apruba sa Pandinig	Page 6

1. Bakit Ako Nakatanggap ng Abiso na ito?

Ipinapakita ng personal na tala ng mga akusado na ikaw ay maaaring Miyembro ng Klase. Mareresolba ng Kasunduan ang lahat ng Inilabas na mga Claim ng Miyembro ng Klase, gaya ng inilalarawan sa ibaba, simula sa panahon ng Hulyo 17, 2016, hanggang Abril 22, 2022 (ang "Panahon ng Klase").

Isang Preliminaryong Pagdinig sa Pag-apruba ang ginanap noong Nobyembre 9, 2022, sa Korte Suprema ng California, Kondado ng Los Angeles. Kondisyonal na sinertipika ng Korte ang Klase para sa layunin ng pakikipag-areglo lamang at iniutos na ikaw ang makatanggap ng Abiso na ito.

Dinetermina ng Korte na mayroon lamang sapat na ebidensya upang ang iminungkahing pakikipag-areglo ay nararapat lamang, at makatwiran, at ang anumang huling determinasyon ng pagpapasiya para sa mga isyung iyon ay gagawin sa Huling Pag-papruba sa Pandinig.

Ang Korte ay magsasagawa ng Huling Pag-apruba sa Pandinig tungkol sa iminungkahing pakikipag-areglo sa Abril 11, 2023 ng 11:30 ng umaga na pangungunahan ni Hon. Carolyn B. Kuhl, na nasa Department 12 of the Complex Courthouse na matatagpuan sa at 312 N. Spring Street, Los Angeles, CA 90012.

2. *Tungkol Saan ang Kaso na ito?*

Naghain ng Klase ng Aksyon na kaso si Cynthia Dela Vega laban sa mga Nasasakdal noong Hulyo 17, 2020, sa Korte Suprema ng California, Kondado ng Los Angeles, Numero ng Kaso 20STCV27597. Ayon sa nagsasakdal ang mga Nasasakdal ay: (1) hindi nakapagbayad ng lahat ng suweldo, kabilang ang pinakamababang suweldo, regular na suweldo, dagdag na oras, at dobleng oras; (2) nabigong kalkulahin ang mga sahod para sa dagdag na oras, at dobleng oras; (3) nabigong magbigay ng oras para sa pagkain (kasama ang nang walang limitasyon ang una at pangalawang oras para kumain) kada araw base sa oras na nag-trabaho ang bawat empleyado, kabilang ang mga kaunting oras para sa pagkain, huli, at naantala, at/o hindi nakakain; (4) nabigong magbigay ng pahintulot at pahintulutan ang legal na oras ng pahinga base sa oras na nag-trabaho ang bawat empleyado, kasama ang oras ng pahinga, na maikli, huli, hindi naaantala, at/o walang pahinga; (5) nabigong isama ang mga diskresyonaryong bonus sa regular na suweldo ng mga empleyado para sa kompensasyon sa dagdag na oras; (6) nabigong magbayad ng tama sa oras sa mga empleyado para sa bawat panahon ng sahod; (7) nabigong magbayad ng suweldo ng tama sa oras sa pag-alis ng mga empleyado; at (8) nagsagawa ng mga hindi patas na gawi sa negosyo. Dagdag pa ng nagsasakdal na ang nabanggit ay nag-resulta sa hindi wastong pahayag ng sahod; ang kulang na bayad sa suweldo ng mga empleyado sa pagpapaalis at/o pag-alis nito.

Noong Marso 22, 202, ang Nagsasakdal ay Unang Inamendahan ang Daing na nagdaragdag sa dahilan ng aksyon sa ilalim ng Private Attorneys General Act of 2004 (“PAGA”) na nagahamanap ng parusa para sa mga paglabag sa Batas Paggawa.

Ang Nagsasakdal at Nasasakdal ay dumalo sa isang pamamagitan sa Klase ng Aksyon noong Abril 22, 2022. Sa tulong ng tagapamagitan, nagkaroon ng isang kasunduan ang mga Partido sa Klase ng Aksyon.

Ang Korte ay hindi pa nagdesisyon kung ang pag-aakusa ng nagsasakdal ay mayroong katibayaan. Hindi pa nadedetermina ng Korte kung mayroong paglabag sa anumang batas, o hindi pa pumapanig sa Nagsasakdal o sa mga Nasasakdal; sa halip, ang parehong panig ay sumang-ayon na lutasin ang Klase ng Aksyon ng walang desisyon o pagtanggap kung sino ang tama o mali. Sa pamamagitan ng pagsang-ayon na malutas ang kaso, ang lahat ng Partido ay umiiwas sa mga panganib at gastos para sa isang paglilitis.

Ang mga nasasakdal ay malinaw na tumatanggi na sila ay hindi gumawa ng anumang mali o sumalungat sa batas at higit na itinatanggi ang anumang pananagutan sa Nagsasakdal o sa Klase.

3. *Ako ba ay Isang Miyembro ng Klase?*

Ikaw ay Miyembro ng Klase kung ikaw ay kasalukuyan o dati nagtrabaho sa alinman sa mga Nasasakdal bilang hindi eksempsyon na empleyado sa California sa alinmang panahon sa pagitan ng Hulyo 17, 2016 hanggang Abril 22, 2022.

4. *Paano Gumagana ang Klase ng Aksyon na ito sa Kasunduan?*

Sa Klase ng Aksyon na ito, idinemanda ng nag-akusa sa ngalan ng kaniyang sarili at ng lahat ng iba pang empleyado na nag-trabaho sa Akusado bilang hindi eksempsyon na empleyado sa California sa anumang panahon ng Klase. Ang Nag-aakusa at ang iba pang kasalukuyan at dating empleyado ay binubuo ng “Klase” at mga “Miyembro ng Klase.” Ang pakikipag-areglo sa Klase ng Aksyon ay nag-resolba sa Ibinigay na mga Claim ng lahat ng Miyembro ng Klase, maliban na lamang sa mga hindi isinama ang kanilang mga sarili sa Klase sa pamamagitan ng paghiling na hindi sila isama sa inilalarawan sa ibaba.

Naniniwala ang Nagsasakdal at ang Konseho ng Klase na ang Pakikipag-areglo ay patas at makatwiran. Dapat suriin ng Korte ang mga tuntunin sa Pakikipag-areglo at determinahin kung ito ba ay patas at makatwiran para sa Klase. Ang Korte

ay mayroong mga dokumento para sa Pakikipag-areglo, na nagpapaliwanag ng mas detalyado tungkol sa Pakikipag-areglo. Kung gusto mo ng mga kopya ng mga dokumento para sa Pakikipag-areglo, maaaring makipag-ugnayan sa Konseho ng Klase, kung saan ang impormasyon ay makikita sa ibaba, at bibigyan ka nila ng isang kopya nang walang bayad.

5. Sino ang mga Abogado na Kumakatawan sa mga Partido?

Mga Abogado para sa Nagsasakdal at sa Klase	Mga Abogado para sa Nasasakdal
<p>MOON & YANG, APC Kane Moon Lilit Ter-Astvatsatryan 1055 W. Seventh Street, Suite 1880 Los Angeles, CA 90017 Telepono: (213) 232-3128 Facsimile: (213) 232-3125</p>	<p>ATKINSON ANDELSON LOYA RUUD & ROMO Ann K. Smith Michele L. Collender 12800 Center Court Drive South, Suite 300 Cerritos, California 90703-9364 Telepono: (562) 653-3200 Fax: (562) 653-3333</p>

Napag-desisyunan ng Korte na ang Moon & Yang ay kwalipikado upang mag-representa sa iyo at sa lahat ng mga Miyembro ng Klase nang sabay-sabay.

Ang Konseho ng Klase ay nagtatrabaho para sa iyo. Kung nais mong magkaroon ng sarilil mong abogado, maaari kang kumuha ng isa at bayaran ito.

6. Ano ang Aking mga Opsyon?

Ang layunin ng Abiso na ito ay upang ipaalam sa iyo ang iminungkahing Pakikipag-ayos at ang iyong mga opsyon. Ang bawat opsyon ay may kaaakibat na bunga, na dapat mong maintindihan bago ka gumawa ng iyong desisyon. Ang iyong mga karapatan sa bawat opsyon, at ang mga hakbang na dapat mong gawin upang piliin ang bawat opsyon, ay nakalista sa ibaba at ipinaliwanag nang mas detalyado sa Abiso na ito.

Mahalagang Paalala: Ang mga nasasakdal ay hindi babawi laban sa iyo sa anumang paraan dahil sa iyong paglahok o hindi paglahok sa Kasunduang ito.

- **WALANG GAWIN:** Kung wala kang gagawin at ang Korte ay nagbigay na ng huling pag-apruba sa Kasunduan, ikaw ay magiging parte na ng kaso at ikaw ay makakatanggap ng Indibidwal na Bahagi ng Kasunduan base sa kabuuang bilang ng iyong pagtatrabaho na ikaw ay nag-trabaho bilang hindi eksemption na empleyado sa California sa Panahon ng Klase. Ibibigay mo ang lahat ng Nakuha mong Claims, gaya ng tinukoy sa Seksyon Bilang 9 sa ibaba, isusuko mo rin ang iyong mga karapatan na makakuha ng Inilabas na Claims, gaya ng tinukoy sa Seksyon Bilang 9 sa ibaba.
- **HINDI SUMALI:** Kung ayaw mong lumahok bilang isang Klase ng Miyembro, ikaw ay maaaring “hindi sumali”, kung saan tatanggalin ka sa Klase at sa Aksyong ito. Kung magbigay ng huling pag-apruba ang Korte sa Kasunduan, ikaw ay hind makakatanggap ng Indibidwal na Hati sa Kasunduan at hindi mo isusuko ang karapatan na idemanda ang Pinalatyang mga Partido, kabilang ang mga Nasasakdal, para sa anumang Inilabas na Claims gaya ng tinukoy sa Seksyon Bilang 9 sa ibaba.

If the Court grants final approval of the Settlement, you will not receive an Individual Settlement Share and you will not give up the right to sue the Released Parties, including Defendants, for any the Released Claims as defined in Section No. 9 below.
- **TUMUTOL:** Maaari kang magpadala ng legal na pagtutol sa iminungkahing Kasunduan. Kung nais mong tumutol, maaari kang hindi sumali sa Kasunduang ito.

Ang mga proseso sa hindi pagsali at pag-tutol ay inilalarawan sa ibaba sa seksyon na pinamagatang “Paano Umalis o Hindi Sumali Mula sa Kasunduang ito” at “Paano Ako Tututol sa Kasunduan?”

Anuman ang piliin mong opsyon, dapat mong palaging abisuhan ang Tagapangasiwa ng Kasunduan tungkol sa anumang pagbabago ng address.

7. *Paano Umalis o Hindi Sumali sa Kasunduang ito?*

Kung ayaw mong makilahok sa Kasunduan, maaari kang hindi isali sa Kasunduan (i.e., “hindi sumali”) sa pamamagitan ng pagpapadala ng form sa hinid pagsali. Ang form (“ELEKSYON PARA SA HINDI PAGSALI (‘HINDI PAGSALI’ NA FORM) KLASSE NG AKSYON NG KASUNDUAN”) (“Form para sa Hindi Pagsali”) ay ibinigay sa iyo kasama ang Abisong ito, na maaaring gamiting para sa mga sumusunod na layunin; o maaari ka rin mag-sumite ng sariling isinulat na dokumento na naglalaman ng parehong mga impormasyon. Kung hindi ka sumali sa Kasunduan, hindi mo ilalabas ang mga claim na itinakda sa Seksyon Bilang 9. Ang Form para sa Hindi Pagsali ay dapat may pirma, may petsa, at ipinadala gamit ang Primerang Klase ng Koreo sa U.S., na may **postmark na hindi bababa sa Pebrero 20, 2023**, sa: **Phoenix Settlement Administrators, P.O. Box 7208, Orange, CA 92863**. Hindi maaaring hindi sumali sa pamamagitan lamang ng pagtawag.

Kung makatanggap ng isang inulit na Abiso ng Aksyo, sa pamamagitan man ng skip-trace o i-finorward na koreo, ang iyong Deadline sa Pagsagot para mag-postmark ng isang Form sa Hindi Pagsali, o magpadala sa koreo at maghain ng pagtutol mula sa Kasunduan ay pinalawig ng sampung (10) araw sa kalendaryo mula sa araw ng orihinal na Itinakdang Panahon ng Pagsagot. Dapat nakalagay sa sobre kung ang Klase ng Abiso ay ifinorward o ipinadalang muli. Hinihikayat ka naming itago ang lahat ng kopya ng mga dokumento, kasama ang mga sobre, kung sakaling kwestiyunin and deadline.

Hindi isasama ng Korte ang anumang Klase ng Miyembro na nagsumite ng kumpleto at nasa tamang panahon ng Form sa Hindi Pagsali tulad ng inilalarawan sa talata sa itaas. Ang Form sa Hindi Pagsali ay dapat: (a) mayroong pangalang ng Miyembro ng Klase, address, at huling apat na numero ng kanilang social security number; (b) dapat naka-address sa Tagapangasiwa ng Kasunduan; (c) dapat may pirma ng Miyembro ng Klase o ng kaniyang legal na kinatawan; at (d) mayroong postmark na hindi lalampas sa itinakdang Deadline sa Pagsagot. Ang mga Form sa Hindi Pagsali na hindi naglalaman ng mga kinakailangang impormasyo at/o hindi isinumite ng tama sa oras ay walang halaga, walang bisa, at hindi epektibo. Ang sinumang Miyembro ng Klase na hindi nakapag-sumite ng wasto at napapanahong Form sa Hindi Pagsali sa o bago ang itinakdang petsa ay dapat sumailalim sa lahat ng mga tuntunin ng Kasunduan, pagpapalaya, at anumang Hatol na ipinasok sa Aksyon kung ang Kasunduan ay makatanggap ng huling pag-apruba mula sa Korte.

Ikaw ay responsable sa pagtiyak na natanggap ng Tagapangasiwa ng Kasunduan ang anumang kahilingan para sa pag-sumite ng iyong hindi pagsali.

8. *Paano Ako Tututol sa Kasunduan?*

Kung ikaw ay Miyembro ng Klase na hindi umalis sa Kasunduan, maaari kang tumutol sa Kasunduan, ng personal o sa pamamagitan ng isang abogado, sa pamamagitan ng pagpapadala nito sa Tagapangasiwa ng Kasunduan sa P.O. Box 7208, Orange, CA 92863 sa Pebrero 20, 2023. Ang Hindi Pagsang-ayon ay dapat: (a) sabihin ang buong pangalan ng taong tumututol, address, at numero ng telepono at ang pangalan at address ng konseho, kung mamyroon; (b) mayroon ng mga salitang “Abiso ng Pagtutol” o “Pormal na Pagtutol”, (c) ilarawan ng maliwan at maikling termino, ang mga legal at makatotohanang mga argumento na sumusuporta sa pagtutol; (d) ilita ang (mga) saksi na maaaring tawagan ng tumututol upang tumestigo sa pagdinig ng Huling Pagdinig sa Pag-apruba; € magbigay ng totoo at tamang kopya ng anumang (mga) eksibit na balak ibigay ng tumututol sa Huling Pagdinig sa Pag-apruba; (f) pirmahan ng tumututol na Miyembro ng Klase ng kaniyang abogado; at (g) sabihin kung ang tumututol na Miyembro ng Klase (o ibang tao na kumakatawan sa kaniya) ay nagnanais na humarap sa Huling Pagdinig sa Pag-apruba.

Ang mga Miyembro ng Klase ay maaaring dumalo sa Huling Pagdinig sa Pag-apruba, nang personal o sa pamamagitan ng sariling konseho at tumutuol sa Kasunduan sa pamamagitan ng pagsasalita. Ang sinumang abogado na kakatawan sa indibidwal na tumututol sa Kasunduan ito ay dapat magsumite ng abiso sa pagpapakita sa Korte at maglingkod sa Klase ng Konseho at Konseho ng Pagpdependa na hindi lalampas sa labinlimang (15) araw sa kalendaryo bago ang Huling Pagdinig sa Pag-apruba.

Ang napapanahon at mabisang pagtutlo ng Miyembro ng Klase sa Kasunduan ay ikokonsidera kahit na ang tumutuol ay hindi magpakita sa Huling Pagdinig sa Pag-apruba.

Ang mga miyembro ng Klase ng Kasunduan na nabigong tumutol sa paraang inilahad sa itaas ay ituturing na hindi nagpatuloy at hindi na pahihintulutan na gumawa ng anumang pagtutol (sa pamamagitan man ng pag-apela o iba pa) sa Kasunduan.

Muli, upang maging wasto at epektibo, ang anumang pagtutol ay dapat ipadala sa Tagapangasiwa ng Kasunduan na may postmark sa o bago ang Pebrero 20, 2023.

Kung hindi tanggapan ng Korte ang abiso ng pagtutol, ang Miyembro ng Klase ay makakatanggap ng Indibidwal na Bahagi ng Kasunduan at matatali sa mga tuntunin ng Kasunduan.

9. Paano Maapektuhan ng Kasunduan na ito ang Aking mga Karapatan? Ano ang mga Inilabas na Claims?

Kung ang iminungkahing Kasunduan ay naaprubahan ng Korte, ang Huling Hatol ay ihahain ng Korte. Ang lahat ng Klase ng Miyembro na hindi sumali sa Kasunduan ay matatali sa Huling Desisyon ng Hukom at ganap na palalayain at papaalisin ang mga Nasasakdal at ang anuman at ang lahat ng kaakibat nitong kumpanya at kani-kanilang kumpanya, at ang subsidiary, mga affiliate, shareholder, miyembro, ahente (kabilang ang, nang walang limitasyon, ang anumang namumuhunang bangko, accountant, tagapag-bigay ng seguro, tagapagbalik ng seguro, abogado, at anumang nakaraan, kasalukuyan, o hinaharap na opisyal, direktor, ang mga empleyado) mga nauna, mga kahalili, at mga itinalaga (“Mga Pinalayang Partido”).

A. Naipamahaging Claims.

Sa pagtupad ng Nasasakdal sa kaniyang mga obligasyon sa pagbabayad sa ilalim ng Kasunduan sa Pakikipag-ayos, ang mga claim na ang Nasasakdal, ang iba pang mga Kalahok na Miyembro ng Klase at ang mga Kwalipikadong Agrabyadong Empleyado ay papalayain kapalit ng konsiderasyon na inilaan sa pamamagitan ng kasunduang ito na alam at hindi alam na mga claim, karapatan, mga pangangailangan, pinsala, mga pananagutan, at mga dahilang ng aksyon, sa bata o katarungan, na lumalabas sa anumang Panahon ng Klase na sinasabi sa Reklamo, sulat ng Nagsasakdal sa LWDA, o maaaring ipahayag batay sa mga katotohanan, kailang ngunit hindi limitado sa Batas Paggawa ng California §§ 201-203, 204, 226, 226.3, 226.7, 510, 512, 1174, 1174.5, 1194, 1197, 1197.1, 1198, anumang kategorya ng paglabag na natukoy sa Batas Paggawa § 2699.5, at ang nauugnay na naaangkop na IWC Wage Orders.

10. Magkano ang Aasahan kong Matanggap mula sa Kasunduang ito?

Ang kabuuang pinakamataas na halaga na maaaring hingin ng Nagsasakdal sa ilalim ng Kasunduan ay hanggang sa ngunit hindi maaaring tumaas sa isang milyon at isang daang libong dolyar (\$1,100,000.00) (“Kabuuang Konsiderasyon”).

Ang “Net na Halaga ng Kasunduan” ay nangangahulugan na ang porsyon ng Kabuuang Konsiderasyon ay maaaring ipamahagi sa mga Miyembro ng Klase pagkatapos alisin ng mga bawas ng (1) bayad sa Class Representative Enhancement ng Nagsasakdal sa halagang hanggang sampung bilyong dolyar (\$10,000.00) para sa pag-uusig ng Klase ng Aksyon, mga panganib na isinagawa para sa bayad sa gastos at bayad sa abogado, at ang pangkalahatang paglabas ng claims; (2) ang mga Gastos sa Administrasyon hanggang sa Tagapangasiwa ng Kasunduan na nagkakahalaga ng hanggang labinlimang libong dolyar (\$15,000.00); (3) ang Bayad sa PAGA na pitumpung libong dolyar (\$75,000.00), pitumpung porsyento (75%) na kung saan, ang limampu’t anim na libong at dalawang daan at limampung dolyar (\$56,250.00), ay dapat ipamahagi sa mga Kwalipikadong Agrabyadong mga Empleyado, base sa pro rata; (4) ang Award na Bayad sa Abogado sa Konseho ng Klase sa halagang hindi lalampas sa tatlumpu’t tatlo at isang-katlong porsyento (33.3%), o tatlong daan at animnapu’t anim at tatlong daang dolyar (\$366,300.00), ng Kabuuang Konsiderasyon; at (5) bayad sa Konseho ng Klase ng halaga ng Gantimpala sa halagang hindi lalampas ng dalawampu’t limang libong dolyar (\$25,000.00) para sa mga gastos sa paglilitis. Ang lahat ng mga bayad na ito ay sasailalim sa pag-apriba ng korte.

Pagkatapos tanggalin ng mga nabanggit na aytem sa itaas, ang natitirang Net na Halaga ng Kasunduan, ay proporsyonal na ipapamahagi sa mga Miyembro ng Klase na hindi umalis. Ang Administrasyon ng Kasunduan ay magbabayad ng Indibidwal na Bahagi ng Kasunduan mula sa Net na Halaga ng Kasunduan sa bawat Kalahok na Miyembro ng Klase. Ang bawat Kalahok na Miyembro ng Klase ay makakatanggap ng proporsyonal na bahagi ng Net na Halaga ng Kasunduan na katumbas ng: (i) ang bilang ng mga linggo na siya ay nag-trabaho bilang hindi eksempted na empleyado sa panahong ng Klase ng Panahon base sa Listahan ng Klase na ibinigay ng Nasasakda, hahatiin sa (ii) kabuuang bilang ng linggo na nag-trabaho ang sinuman at ang lahat ng Kalahok na Miyembro ng Klase nang sama-sama, sa Panahon ng Klase base sa Listahan ng Klase, na pagkatapos ay imu-mulitpu sa Net na Halaga ng Kasunduan. Ang isang araw na ibinigay na trabaho ay ikekredito bilang isang linggo para sa layunin ng pagkalkula. Samakatuwid, ang halaga ng Indibidwal na Bahagi ng Kasunduan sa Kalahok na Miyembro ng Klase ay depende sa bilang ng linggo na siya ay nag-trabaho bilang eksempted na empleyado sa Panahon ng Klase.

Bagama’t ang eksaktong bahagi mo sa Net na Halaga ng Kasunduan ay hindi tamang makakalkula hanggang sa matapos ang panahon kung kailan maaaring tumutol o humingi ng bukod sa eksklusyon ang indibidwal mula sa Kasunduan, base sa kalkulasyon sa itaas, ang tinatayang bahagi mo sa Net na Halaga ng Kasunduan, ay ang sumusunod: \$ _____, pagkaalis ng tax. Ito ay base sa sa talaan ng Nasasakdal kung saan pinapakita na ikaw ay nag-trabaho ng ___ ng linggo ng trabaho bilang isang eksempt na empleyado sa Panahong ng Klase.

Kung naniniwala ka na ang bilang ng mga karapat-dapat na rekord ng mga linggo ay hindi tama, dapat kang magbigay ng dokumentasyon at/o isang paliwanag upang ipakita ang kabaligtaran ng impormasyon sa Tagapangasiwa ng Kasunduan sa P.O. Box 7208, Orange, CA sa o bago ang Pebrero 20, 2023. Kung hindi ka magbibigay ng anumang mga dokumento sa sumusuporta sa iyong inihahain, ang bilang ng araw ng linggo na ikaw ay nag-trabaho base sa rekord ng Nasasakdal ay ipagpapalagay na tama, at ang iyong hamon ay hindi tatanggapin ng Tagapangasiwa ng Kasunduan. Anumang ebidensya na isumite ay susuriin ang Konseho ng Klase at Konseho ng Nasasakdal ay gagawa ng huling desisyon.

Dalawampung porsyento (20%) ng iyong Indibidwal na Bahagi sa Kasunduan ay ituturing na hindi nabayarang suweldo. Ang mga naaangkop na buwis ay ilalapat mula sa bahagi ng iyong Indibidwal na Bahagi ng Kasunduan lamang at iuulat sa isang IRS Form W-2. Ang natitirang walumpung porsyento (80%) ng iyong Indibidwal na Bahagi ng Kasunduan ay ituturing bilang bayad sa pinsala at interes, at babayaran alinsunod sa IRS Form 1099.

Hindi lalampas sa siyamnapu't limang (95) araw sa kalendaryo pagkatapos ng pagpsok ng utos na nagbibigay ng huling pag-apruba sa Kasunduan, dapat ideposito ng mga Nasasakdal ang Kabuuang Konsiderasyon sa pamamagitan ng pagpapadala ng pondo sa Tagapangasiwa ng Kasunduan. Dapat ding magbigay ang mga nasasakdal ng oras na ito ng anumang impormasyon sa buwis na kailangan ng Tagapangasiwa ng Kasunduan upang kalkulahin ang Indibidwal na Bahagi ng Kasunduan ng Kalahok na Miyembro ng Klase.

Sa loob ng pitong (7) araw sa kalendaryo pagkatapos ng pagpopondo sa Kasunduan, dapat kalkulahin ng Tagapangasiwa ng Kasunduan ang lahat ng mga bayarin sa ilalim ng Kasunduan, kabilang ang lahat ng Indibidwal na Bahagi sa Kasunduan, ang Award na Bayad sa Abogado, ang Halaga ng Award, ang Bayad sa Class Representative Enhancement, ang Bayad sa PAGA, at ang bayarin sa Administrasyon. ANg Tagapangasiwa ng Kasunduan ay magpapasa rin ng tseke para sa Bayad sa PAGA sa LWDA para sa kasunduan ng PAGA claim.

Lubos na inirekomenda na sa pagtanggap ng tsesk para sa iyong Indibidwal na Bahagi sa Kasunduan, agad mo itong papalitan ng pera o papalitan ito bago ang 180-araw na petsa na pagpapawala ng bisa na ipinapakita sa bawat tseke. Kung ang anumang mga tseke ay hindi napalitan ng pera o hindi naideposito bago ang araw na mawalan ng bisa ito sa loob ng 180 na araw matapos itong maipadala, ang Tagapangasiwa ng Kasunduan ay, sa loob ng dalawang daan (180) na araw sa kelandaryo matapos ang tseke ay naipadala, kanselahin ang mga tseke, at bayaran ang halaga ng Hindi Nakuhang Pondo ng Pagmamay-arun ng Opisina ng State's Controller sa iyong pangalan.

11. Ano ang Paraan ng Pagbabayad sa PAGA at Ako ba ay Elihible para rito?

Sa ilalim ng mga tuntunin ng Kasunduan, pitumpu't limang libong dolyar (\$75,000.00) ay inilaan bilang Bayad sa PAGA. Ang bahaging ito ay ang kabuuang halaga ng mga penalty sa sibil na nakolekta sa ngalan ng California. Limampung anim na libo at dalawang daan at limampung dolyar (\$56,250.00) ay ipapadala sa California. Ang mga Kwalipikadong Agrabyadong Empleyado ay magbabahagi ng labing walong libo at pitong daan at limampung dolyar (\$18,750.00) na proporsyonal sa bilang ng panahon ng pagsahod ng bawat Elihibleng Agrabyadong Empleyado na nag-trabaho sa panahong ng PAGA mula Hulyo 17, 2019, hanggang Abril 22 2022.

Ikaw ay isanag "agrabyadong empleyado" elihible ("Elihibleng Agrabyadong Empleyado") na magbahagi ng Bayad sa PAGA sa ilalim ng kasunduan, kung ikaw ay isang indibidwal na empleyado na hindi eksempt na empleyado na nagtrabaho para sa Nasasakdal sa loob ng California mula Hulyo 17, 2019, hanggang Abril 22, 2022 ("Panahon ng PAGA").

Ang Tagapangasiwa ng Kasunduan ay dapat magbayad sa bawat Elihibleng Agrabyadong Empleyado ayon sa proporsyonal na bahagi, na ibabatay sa kabuuang bilang ng mga panahon ng suweldo na siya aya nagtrabaho bilang isang eksempt na empleyado sa Panahon ng PAGA. Ang indibidwal na bahagi ay kakalkulahin sa pamamagitan ng pag-determina ng kabuuang bilang ng mga panahon ng suweldo na ang mga Kwalipikadong Agrabyadong Empleyado ay nagtrabaho bilang eksempt na empleyado sa panahon ng PAGA (hal. ang kabuuang halaga ng lahat ng panahon ng suweldo para sa bawat karapat-dapat na agrabyadong empleyado) at hahatiin ang bilang na iyon sa labing-walo't pitong daan at limampung dolyar (\$18,750.00) na inilaan para sa mga Elihibleng Agrabyadong mga Empleyado upang ma-determina ang halaga ng pera na itinalaga sa bawat panahon ng sweldo. Ang bilang ng iyong ay imu-multiply sa kabuuang bilang ng panahong ng sweldo ng mga elihibleng agrabyadong empleyado bilang hindi eksempt na empleyado sa panahong ng PAGA upang ma-determina ang proporsyonal na indibidwal na bahagi.

Ang mga tseke sa kasunduan ay ibinigay sa mga Elihibleng Agrabyadong mga Empleyado alinsunod sa Kasunduan ay dapat mawalan ng bisa sa loob ng isang daan at walumpung araw (180) mula sa petsa ng paglabas ng mga Nasasakdal. Ang anumang hindi nakuhang pondo sa loob ng walumpung araw (180) ay dapat ibigay sa Unclaimed Property Fund ng State's Controller's Office sa iyong pangalan.

Base sa iyong kabuuang bilang ng elihibleng panahon ng sweldo, ang tinatayang Indibidwal na Bahagi mo sa Kasunduan para sa Bayad sa PAGA ay \$ _____. Isang daang porsiyento (100%) ng bayad dito ay ituturing na pinsala sa hindi sahod at bibigyan ng IRS form 1099 kung ito ay lumampas sa anim na daang dolyar (\$600). Ikaw ay responsible sa pagbabayad ng anumang pederal, estado o lokal na mga tax bilang resulta ng pagbabayad na ito.

Dahil ang mga parusang ito ay maaari lamang hingin ng California, hindi mo maaaring ibukod ang iyong sarili sa porsyo ng PAGA sa kasunduan kung ang Korte ay magbigay ng huling pag-apruba.

Kung ikaw ay hindi isang Elihibleng Agrabyadong Empleyado, ang Seksyon na ito ay hindi naaangkop sa iyo.

12. Paano Mababayaran ang mga Abogado ng Klase at Kinatawan ng Klase?

Ang mga abogado para sa Nagsasakdal at ng Klase ay babayaran mula sa Kabuuang Konsiderasyon. Alinsunod sa pag-apruba ng Korte, ang mga abogado para sa Nagsasakdal at ng Klase ay babayaran ng halagang hindi lalampas sa tatlungpu at isang ikatlong porsiyento (33.3%) o tatlong daan at animnapu't anim na libo at tatlong daang dolyar (\$366,300.00) ng Kabuuang Konsiderasyon at hanggang dalawampu't limang dolyar (\$25,000.00) para sa mga gastos sa paglilitis.

Amng mga nasasakdal ay nagbayad ng lahat ng kanilang sariling bayad sa abogado at gastos sa abogado.

Gaya ng itinakda sa Seksyon Bilang 10 sa itaas, ang Nagsasakdal ay babayaran din ng Class Representative Enhancement Payment, alinsunod sa pag-apruba ng Korte.

13. Huling Pag-apruba sa Pandinig

Ang Korte ay magsasagawa ng Huling Patas na Pagdinig tungkol sa iminungkahing kasunduan sa Abril 11, 2023 sa 11:30 a.m., na pangungunahan ni Honorable Carolyn B. Kuhl, na nasa Department 12 of the Complex Courthouse na matatagpuan sa at 312 N. Spring Street, Los Angeles, CA 90012. Hindi ka kinakailangang humarap sa pagdinig na ito. Ang anumang mga pagbabago sa petsa ng pagdinig ay magiging available sa website <https://www.phoenixclassaction.com/vega-v-valerios-tropical-bakeshop/>

KUNG KAILANGAN MO NG KARAGDAGANG IMPORMASYON O MAY MGA KATANUNGANG, maaaring makipag-ugnayan sa Tagapangasiwa ng Kasunduan sa numero ng telepono na nakalista sa ibaba, walang bayad. Mangyaring sumangguni sa “Klase ng Aksyon ng Kasunduan sa Valerio’s Tropical Bakeshop.”

Ang Abiso na ito ay hindi naglalaman ng lahat ng panuntunan sa iminungkahing Kasunduan o lahat ng mga detalye ng paglilitis na ito. Para sa detalyadong impormasyon, maaari kang sumangguni sa pinagbabatayang mga dokumento at papel na nakatala sa Kondado ng Los Angeles Korte Suprema sa 312 N. Spring Street, Los Angeles, CA 90012.

PAKIUSAP, HUWAG TUMAWAG SA KORTE OR KLERK NG KORTE PARA SA IMPORMASYON TUNGKOL SA KASUNDUANG ITO.